

# Ito ba ay COVID-19 o Reaksiyon sa Bakuna?

**Mga Sintomas ng COVID-19** na HINDI nangyayari dahil sa pagpapabakuna:

**Ubo**  
**Pangangapos ng hininga**  
**Tumutulong sipon**  
**Pananakit ng lalamunan**  
**Kawalan ng panlasa o pang-amoy**

Kung mayroon ka ng mga sintomas sa itaas at sa palagay mo ay maaaring mayroon kang COVID-19, humingi ng medikal na payo. Maaaring kailangan mong magpasuri para sa COVID-19.

**Mga Reaksiyon sa Bakuna** na KATULAD ng mga sintomas ng COVID-19:

**Lagnat**  
**Pagkapagod**  
**Pananakit ng kalamnan**  
**Pagtatae**  
**Pagsusuka**  
**Pananakit ng ulo**

Dapat mawala ang mga reaksiyon sa bakuna sa isa o dalawang araw. Kung napakasma ng iyong pakiramdam, isaalang-alang na humingi ng medikal na payo.

**Mga Reaksiyon sa Bakuna** na HINDI nangyayari sa sakit na COVID-19:

**Pananakit,**  
**pamumula, o**  
**pamamaga sa**  
**bahaging tinuruan**

Kung pinipigilan ka ng isa sa mga reaksiyong ito na gawin ang mga karaniwang aktibidad (pagsisintas ng sapatos, pagta-type, atbp.), humingi ng medikal na payo.

Ang bakuna sa COVID-19 ay **hindi** nagdudulot ng sakit na COVID-19.  
Ang bakuna sa COVID-19 ay **hindi** nagdudulot ng positibong COVID-19 PCR test.

Kung nasuri kang positibo para sa COVID-19, sundin ang gabay sa pagbubukod (isolation) sa: **COVIDvaccineWA.org**

Ang COVID-19 ay laganap sa Washington. Dahil ang bakuna ay hindi magiging ganap na epektibo hangga't wala pang **2 linggo** ang lumipas pagkatapos ng iyong huling dosis, posible ka pa ring makakuha ng COVID-19 kung nalantad ka bago ang oras na iyon, kahit na nakakuha ka na ng isa o dalawang dosis. Kung hindi mabuti ang iyong pakiramdam pagkatapos ng bakuna, makakatulong ang chart na ito na malaman mo kung nagkakaroon ka ng reaksiyon sa bakuna o kung posibleng mayroon kang COVID-19.

**Mga pangkalahatang tagubilin para sa mga taong tumatanggap ng bakuna:** Kung mayroon kang lagnat (temperatura na higit sa 100.5 degrees Fahrenheit) sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang bakuna, manatili sa tahanan. Kung nawala ang iyong lagnat sa loob ng 48 oras, at wala kang ibang palatandaan/sintomas ng COVID-19, maaari kang bumalik sa trabaho. Kung mayroon ka pa ring lagnat pagkatapos ng 48 oras, o kung mayroon kang iba pang sintomas na maaaring impeksiyon sa COVID-19, dapat kang patuloy na manatili sa tahanan at magpasuri para sa COVID-19.



## DOH 820-124 April 2021 Tagalog

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa [civil.rights@doh.wa.gov](mailto:civil.rights@doh.wa.gov).